# Paglikha ng Kapuluan sa Isipan

## Sining mula sa Cuba, Guam, Pilipinas, Puerto Rico, at sa Kanilang mga Diaspora

Ano ang ibig sabihin ng paglikha sa isipan ng isang kapuluan—isang dagat ng mga isla—na binubuo ng mga lugar mula sa iba't ibang karagatan, na pinaghihiwalay ng libu-libong milya? Magkakaugnay ang Cuba, Guam, Pilipinas, at Puerto Rico hindi dahil sa heograpiya, kundi dahil sa kasaysayan. Inihahandog ng *Paglikha ng Kapuluan sa Isipan* ang mga kontemporaryong likhang-sining mula sa apatnapu't isang artist at mga grupong kolaboratibo, kabilang ang anim na bagong komisyon. Inaanyayahan ka ng eksibisyong ito na makilala ang mga islang ito at ang kanilang mga komunidad, at yakapin ang pananaw na pangkapuluan. Dumadaloy ang tubig sa pagitan at paligid ng mga isla, na nag-uugnay sa halip na naghihiwalay sa kanila, habang nagdadala ng sining at wika, pagkain at espiritwalidad, kasaysayan at pagkakakilanlan.

Sinimulan ng Espanya ang pangongolonya sa Atlantiko at Pasipiko noong ika-16 siglo. Noong 1898, ang kinahinatnan ng Giyerang Espanyol-Amerikano ang nagtakda sa politikal na kinabukasan ng mga isla, kahit na nakikipaglaban na sila laban sa paghahari ng Espanya. Inokupa ng United States ang Cuba at kinolonya ang Guam, Pilipinas, at Puerto Rico. Ang pagpapalawak ng teritoryo sa ibang bansa ay nagsimulang magpatibay sa katayuan ng bansa bilang isang pandaigdigang kapangyarihan. Nakamit na ng Cuba at Pilipinas ang kanilang kasarinlan mula noon, samantalang nananatiling mga teritoryong hindi ganap na sakop (*unincorporated territory*) ang Guam at Puerto Rico—hindi ganap na mga soberanong bansa ngunit hindi rin mga estadong bahagi ng mga estado ng US. Dahil sa mga kasaysayang ito, maraming likhang-sining dito ang sumiyasat sa ugnayan ng politikal at kultural na sariling pagpapasya. Sinisiyasat ng eksibisyong ito ang kalikasan ng demokrasya, sa pandaigdig at panloob na antas, noon at ngayon.

Sa isang kapuluan, magkakahiwalay ang mga isla ngunit magkakaugnay. Dito rin, gumagamit ang mga artist ng magkakaiba ngunit magkakaugnay na mga estratehiya ng pagtugon sa mga kondisyong dulot ng mga imperyong kontinental. Sa paraan ng midya at mensahe, nagpapakita ang iba't ibang likhang-sining ng mga pagkakatulad at pagkakaiba, na naglalarawan ng isang pagkakaisang pinatatatag ng pagkakaiba-iba. Sa pinakadiwa nito, inaanyayahan ng *Paglikha ng Kapuluan sa Isipan* ang mga artist at ang kanilang mga komunidad na magsama-sama, maghilom, at magdiwang.

# Puerto Rico



Ang Commonwealth ng Puerto Rico ay isang teritoryo ng teritoryong Caribbean ng United States na binubuo ng pangunahing isla at ilang mas maliliit na isla. Tulad ng Guam, walang kinatawan na may karapatang bumoto ang Puerto Rico sa Kongreso ng US, kahit na ang mga Puerto Rican ay mga mamamayan ng US. Noong kalagitnaan ng ika-dalawampung siglo, ang mga inisyatiba ng industriyalisasyon ay nagtaas ng antas ng pamumuhay, nagbawas ng kahirapan, at nagpasigla ng malawakang migrasyon ng populasyon sa loob at labas ng Puerto Rico. Pinapadali ng malapit na distansya ng kapuluan sa United States ang *vaivén*, isang salitang Espanyol na tumutukoy sa pabalik-balik na migrasyon na binubuo ng pag-alis at pagbalik. Mula nang wasakin ng Hurricane María ang rehiyon noong 2017, nag-organisa ang mga Puerto Rican upang harapin at tutulan ang korupsiyong politikal, marupok na imprastruktura, at mga patakaran sa pagtitipid. Gayundin, tinatalakay ng mga artist na itinatampok dito ang mga temang politikal na aktibismo, pagbalikwas, at katatagang pangkalikasan.

# Guam



Tahanan ng mga katutubong CHamoru, ang Guåhan, o Guam, ay isa sa mga Isla ng Mariana sa Oceania sa kanlurang Karagatang Pasipiko, at ito ang pinakakanlurang teritoryo ng United States. Bilang isang teritoryong hindi ganap na sakop (*unincorporated territory*), may limitadong representasyon ang Guam sa Kongreso ng US at hindi maaaring bumoto ang mga naninirahan dito sa mga halalan para sa pagkapresidente. Ipinapakita ng kontemporaryong sining ng CHamoru ang pagpupursigi ng mga anyong kultural na sinupil ng daan-daang taon ng kolonisasyon, na makikita sa intensyunal na paggamit ng CHamoru—isang wikang nanganganib na mawala—sa maraming pamagat ng mga likhang-sining. Sa iba't ibang midya, itinatampok ng mga artist ang mga kinagisnang anyong kultural ng CHamoru, tulad ng mga batong *latte* sa arkitektura bago ang pangongolonya at mga kuwintas na *sinahi* na gawa sa kabibe, na parehong nagsisilbing mga tanda ng pagkakakilanlan. Tumatalakay ang ilan sa mga likhang-sining sa mga kasaysayang may kaugnayan sa pang-aagaw ng lupa ng US Navy at ang epekto nito sa mga pamilya, gayundin sa patuloy na pangmasang aktibismo upang labanan ang ibayong panghihimasok, lalo na sa mga lugar na may sagradong kahalagahan.

# Pilipinas



Ang Pilipinas ay isang kapuluan sa Timog-Silangang Asya na binubuo ng mahigit 7,600 isla, na ang mga naninirahan ay nagsasalita ng mahigit 130 wika. Idineklara ng bansa ang kasarinlan nito mula sa Espanya noong 1898—isang soberanyang hindi kinilala ng United States, na pagkatapos ay nangolonya sa mga isla sa loob ng halos limampung taon. Sa panahong iyon, dumagsa ang mga Pilipinong kalalakihan sa United States, lalo na sa West Coast, upang magtrabaho sa mga sakahan at mga cannery. Noong 1946, kinilala ng United States ang Pilipinas bilang isang malayang bansa. Sumunod ang sosyo-politikal na kaguluhan, lalo na matapos ang deklarasyon ng batas militar noong 1972 ng diktador na si Ferdinand Marcos, na napatalsik noong 1986. Lumuwag ang mga batas sa imigrasyon ng US noong dekada 1960, na nagbigay-daan sa maraming propesyonal na Pilipino na dumating kasama ang kanilang mga pamilya. Patuloy ang pandaigdigang malawakang migrasyon hanggang sa kasalukuyan, kung saan nagpapadala ng pera ang mga Overseas Filipino Worker (OFW) pabalik sa bansa upang suportahan ang ekonomiya. Tinatalakay ng mga likhang-sining sa seksyong ito ang mga ugnayan ng kolonisasyon, representasyon, pandaigdigang ekonomiya, paggawa, at pangangalaga.

# Cuba



Lumaban ang Cuba sa tatlong rebolusyonaryong digmaan laban sa Espanya noong ika-19 na siglo. Matapos ang Gyerang Espanyol-Amerikano noong 1898, ipinatupad ng United States ang Susog Platt sa konstitusyon ng Cuba, na nagbigay-daan sa interbensyon ng US sa mga patakaran ng bansa at humadlang sa ganap na pag-angkin nito sa kasarinlan hanggang 1934. Noong 1959, naluklok sa kapangyarihan si Fidel Castro at ang komunistang Cuba ay naging isang mahalagang sentro ng tensyon sa geopolitika noong Cold War. Isang henerasyon ng mga Cuban ang tumakas sa kanilang bansa bilang mga pampulitikang distyero, at karamihan ay napunta sa kalapit na United States o sa ibang bahagi ng Latin America, kabilang ang Puerto Rico. Nagdulot ang pagbagsak ng Soviet Union noong 1991 ng malakihang migrasyon ng mga Cuban na naghahanap ng oportunidad sa ekonomiya sa ibang bansa, at ang mga nanatili sa kanilang bansa ay humarap sa buhay ng pagtitipid sa tinatawag na Special Period. Sa mas kamakailang panahon, nagdulot ang mga parusa at patakarang pangkalakalan ng US ng mga krisis sa ekonomiya at enerhiya sa Cuba. Marami sa mga artist na itinatampok sa seksyong ito ay ipinanganak sa Cuba at naninirahan ngayon sa United States, na patunay sa papel ng pagbabago ng rehimen at pandaigdigang pulitika sa paghubog ng mga buhay.

# Lupa, Dagat, at Langit

Ang ating mga ugnayan sa likas na kapaligiran ang humuhubog sa paraan ng ating pamumuhay. Lalo nang naging sensitibo ang mga naninirahan sa mga isla sa mga ganitong uri ng ugnayan, dahil ang mga isla ay lantad sa mga bagyo sa Pasipiko at sa Atlantiko. Bahagi ng buhay sa karagatan ang mga ganitong likas na sakuna, ngunit lalo itong pinalalala ng mga epekto ng pagbabago ng klima. Sa pamamagitan ng mga dakilang likhang-sining, inaanyayahan tayo ng mga artist dito na tumingin nang malayo at malawak, pataas at pababa, upang mas maging mulat sa ating sarili sa ating kapaligiran. Ano ang nangyayari kapag mas binibigyan natin ng pansin ang lupa, dagat, at langit?

# Mga Okupasyong Militar

Sa konteksto ng eksibisyong ito, ang terminong "okupasyong militar" ay tumutukoy kapwa sa pagtatayo at pag-aalis ng mga base militar ng US sa mga isla, gayundin sa kasunod at hindi proporsyonal na dami ng mga taga-isla na naglilingkod sa militar ng US. Nagpapatala ang mamamayan ng Guam sa militar sa antas na tatlong beses na mas mataas kaysa sa ibang bahagi ng United States, at halos isa sa bawat apat na Puerto Rican ay nakapagsilbi na sa militar ng US. Sa kasaysayan at sa usaping geopolitika, matagal nang napupunta ang mga isla sa gitna ng tunggalian ng iba't ibang imperyo, habang isinasangkot sila ng mga kolonyal na kapangyarihan sa mas malalawak na sigalot. Sa kasalukuyan, habang patuloy na pinagtatalunan ng mga bansa sa buong mundo ang mga hangganan ng teritoryo, nananatiling nakataya ang soberanya. Nakatutok ang atensyon ng mga pangunahing kapangyarihan sa mundo sa mga estratehikong lokasyon ng mga islang tampok sa eksibisyong ito, kaya lalo pang tumataas ang panganib at kahalagahan ng sitwasyon.

# Mga Paraan ng Pagkain

Isang pangangailangan ang personal na pagpapakain sa sarili, at ang kumain nang sabay-sabay ay bumubuo ng komunidad. Tinutugunan ng seksyong ito ang mga usapin tungkol sa kultura ng pagluluto at soberanyang pangpagkain, na sa kasong ito ay tumutukoy sa kakayahan ng isang isla na tustusan ang sarili nito sa pagkain. Lumilikha ang mga artist dito ng mga obra tungkol sa malapit na ugnayan at pakikipagkapwa sa pamamagitan ng sabay-sabay na pagkain, sa paggamit ng mga partikular na pagkain bilang palatandaan ng kultural na pagkakakilanlan, at sa pagiging sagrado ng mga pagkaing nakukuha mula sa lupa. Sa usaping pampolitika at pang-ekonomiya, tinatalakay din ng seksyong ito ang mga kagawian sa paggawa sa agrikultura.

# Mga Paniniwala sa Isla

Nagtatagpo ang espiritwalidad at relihiyon bilang isang pangunahing banggaan sa pinakapuso ng kolonisasyon. Noong ikalabinlimang siglo, itinaguyod ng Vatican ang Doktrina ng Pagtuklas (*Doctrine of Discovery*), na humikayat sa mga imperyong Europeo na sakupin ang mga lupain at gawing Kristiyano ang mga katutubong naninirahan doon. Dinala ng Espanya ang Katolisismo sa mga islang tampok sa eksibisyong ito, kung saan nananatili itong pangunahing relihiyon hanggang sa kasalukuyan. Ngunit mayroon nang mga sariling paniniwala at espiritwalidad ang mga katutubo sa mga isla, na kadalasang kinabibilangan ng paggalang at pagsamba sa mga espiritung matatagpuan sa kalikasan. Sa Atlantiko, ang mga paniniwalang mula sa West Africa at Yoruba ay nakarating din sa pamamagitan ng istorikong kagawian ng pang-aalipin. Para sa lahat ng mga isla, nananatili ang relihiyosong sinkretismo—ang paghahalo ng iba't ibang pananaw sa mundo—bilang patunay ng katatagan ng iba't ibang uri ng mga sistema ng paniniwala.

# Ang Proseso ay Ang Proyekto

Mula pa sa simula ng proyekto, nakatuon ang *Paglikha ng Kapuluan sa Isipan* sa pagbibigay-puwang sa mga artist upang makabuo ng komunidad at mapalakas ang pagkakaisa. Inorganisa ng Colby College Museum of Art ang dalawang Islands Project Convenings noong 2022 at 2024, at kabilang sa mga pagtitipong ito ang parehong mga talakayan sa mga galeriya ng museo at mga gawaing panlibangan sa Allen Island, sa baybayin ng Maine. Ang islang ito ay bahagi ng mga lupang ninuno ng Wabanaki, ang dating tahanan ng artistikong pamilya ng Wyeth, na ngayon ay pinapangalagaan ng Colby College. Sa mga pagtitipong ito, naging bahagi ang mga artist sa paghubog ng eksibisyon, nagbigay-inspirasyon sa mga kurso sa Colby, at nagtala ng mga pag-uusap na kalaunan ay na-transcribe, naisalin, at nailathala sa aklat na kaakibat ng eksibisyon.

Sa pagtitipon noong 2024, pinangunahan nina Enzo Camacho at Ami Lien ang isang workshop sa paggawa ng papel. Hinikayat nila ang mga kalahok na tingnan ang mga isla hindi bilang mga biktima ng mga imperyo, kundi bilang mga espasyong lumilikha ng mga paraan ng pag-iisip na bumabalikwas. Ang ilan sa mga sabayang nilikhang obra ay ipinapakita dito.

## Alfonso Ossorio

Ipinanganak: 1916; Maynila, Pilipinas
Pumanaw: 1990; New York, New York

### *Walang Pamagat (kilala rin bilang Chateau d'Yquem),* 1981

Kahoy, metal, plastik, tanso, mga salamin, at papel

Colby College Museum of Art, handog ng Ossorio Foundation, 2017.653

"Maging ang isang maliit na piraso ng plastik na basura o isang buto ay kasingbuhay ng abstraktong konsepto ng Diyos."

—Alfonso Ossorio

Mga sungay ng usa, mga label ng bote, isang kamay na nag-aalok ng pagpapala—mga magkakaibang ordinaryong bagay ang bumubuo sa pinagsama-samang iskulturang ito. Tinukoy ni Ossorio ang kanyang obra bilang "mga kongregasyon," isang terminong nagpapahiwatig ng pagsasama-sama. Isinunod niya ang pangalan ng iskulturang ito sa isang French na pagawaan ng alak na kilala sa mga mamahaling matatamis na alak nito na iniinom sa mga okasyon. May mga relihiyosong konotasyon din ang salitang "kongregasyon," na isang pagkilala sa Katolikong pag-aalaga sa artist. Magsalamin para makita ang iyong sarili sa gitna ng mga labi kapwa ng katamtaman at marangyang pagkonsumo. Paano nauugnay ang mga materyales na ito sa banal?



**Jerome Reyes**

Ipinanganak: 1983; San Francisco, California

***Pharos (Mga Tipan)*, 2026**

Hugis-ellipsoid na ilaw pang-entablado, stand ng ilaw, tekstong naka-project, at extension cord

Sa kagandahang-loob ng artist

## Imelda Cajipe Endaya

Ipinanganak: 1949; Maynila, Pilipinas

### *Sugapa ang Pinoy sa Dayuhang Putahe (Mantel ng Kolonyal na Mentalidad)*, 1989

Tela, pintura, at graphite sa pinaglumaang mantel

Sa kagandahang-loob ng artist at Silverlens, Maynila at New York

Sa isang pinaglumaang mantel, ipininta ni Imelda Cajipe Endaya ang mga prutas at mga sulat-kamay na tekstong Tagalog na orihinal na isinulat ng Pilipinong iskolar na si Domingo Landicho. Nananawagan ng lunas ang teksto sa sikolohikal na salot na tinatawag na kolonyal na pag-iisip, halimbawa, ang paniniwalang "anumang dayo ay kaibig-ibig at ang sariling atin ay mababa." Nilikha ni Cajipe Endaya ang akdang ito sa konteksto ng pamumuwersa ng World Bank sa Pilipinas upang tanggapin ang mga patakaran sa liberalisasyon ng importasyon na nagpasigla sa pandaigdigang paglago ng ekonomiya ngunit kapalit ang paghina ng mga lokal na industriya ng agrikultura. Nagtatapos si Landicho sa isang positibong pahayag: "may ilaw sa dilim, umaga ay ating marating."



## Thea Canlas

Ipinanganak: 1983; Quezon City, Pilipinas

### *Kalidad na Pang-eksport (Pag-aaral ng Halaga: Mga Uniporme)*, 2023

Telang *piña* na binurdahan gamit ang makina, puting buhangin, asin, perlas, at ngipin

Sa kagandahang-loob ng artist

Karaniwang nakalaan ang telang *piña* (pinya) para sa barong, o mga kasuotang isinusuot sa mga pormal na okasyon sa Pilipinas. Dito, ginagamit ni Thea Canlas ang tela upang itaas ang antas ng isang kasuotan ng isang manggagawa at uniporme ng isang kasambahay. Binubuo ng mga Overseas Filipino Worker (OFW) ang isang malaking hindi nakikitang puwersa ng paggawa sa buong mundo, na nagtatayo ng mga lungsod, nag-aalaga ng ibang mga pamilya, at nagpapadala ng pera pabalik sa bansa. Tinutulungan ng mga padalang ito ang ekonomiya ng Pilipinas, at itinuturing ang mga manggagawa na bagong bayani ng bansa.



## Stephanie Syjuco

Ipinanganak: 1974; Maynila, Pilipinas

### *Mga Bakas ng Imahe (Sagabal sa Paningin),* 2021

Photogravure na nakaimprenta sa *gampi* na nakapatong sa papel

Colby College Museum of Art, binili ng museo mula sa Jere Abbott Acquisitions Fund, 2024.047.1

Ginugusot ni Stephanie Syjuco ang mga larawan ng mga larawan, na nagbubura sa mga katangian at detalye ng mga paksa at kanilang mga tagpuan. Nagmula ang imaheng ito sa isang archival na talaan ng mga Pilipinong ipinakita sa 1904 St. Louis World's Fair. Isinagawa ito kasunod ng Giyerang Espanyol-Amerikano at ng Giyerang Pilipino-Amerikano na nagdala sa kapuluan ng Pilipinas sa ilalim ng kolonyal na kontrol ng US, at ang etnolohikal na display ay nagpalaganap ng mga mapaminsalang pananaw na nananatili hanggang ngayon. Ano ang sinasabi sa atin ng prosesong artistiko ng pagtatago na ito tungkol sa kung paano natin nauunawaan ang ating mga sariling kasaysayan?



## Stephanie Syjuco

Ipinanganak: 1974; Maynila, Pilipinas

## *Mga Bakas ng Imahe (Saklaw ng Paningin),* 2021

Photogravure na nakaimprenta sa *gampi* na nakapatong sa papel

Colby College Museum of Art, binili ng museo mula sa Jere Abbott Acquisitions Fund, 2024.047.5

Ginugusot ni Stephanie Syjuco ang mga larawan ng mga larawan, na nagbubura sa mga katangian at detalye ng mga paksa at kanilang mga tagpuan. Nagmula ang imaheng ito sa isang archival na talaan ng mga Pilipinong ipinakita sa 1904 St. Louis World's Fair. Isinagawa ito kasunod ng Giyerang Espanyol-Amerikano at ng Giyerang Pilipino-Amerikano na nagdala sa kapuluan ng Pilipinas sa ilalim ng kolonyal na kontrol ng US, at ang etnolohikal na display ay nagpalaganap ng mga mapaminsalang pananaw na nananatili hanggang ngayon. Ano ang sinasabi sa atin ng prosesong artistiko ng pagtatago na ito tungkol sa kung paano natin nauunawaan ang ating mga sariling kasaysayan?



## Carlos Villa

Ipinanganak: 1936; San Francisco, California
Pumanaw: 2013; San Francisco, California

### *Saan Pumunta ang Aking Tiyo*, 1996

Gesso, kahoy, sumbrero, Plexiglas na may vinyl na mga letra, at nakaukit na plakang pilak

Sa kagandahang-loob ng Carlos Villa Estate at Silverlens, Maynila at New York

Isang fedora ang tila lumulutang sa harap ng tekstong naglalarawan ng paggalaw mula sa isang lugar patungo sa isa pa. Sa eskulturang ito na hugis pinto, nagbibigay-pugay si Carlos Villa sa "henerasyong manong," isang agos ng maraming Pilipinong kalalakihan na dumating sa United States noong dekada 1920 at 1930. Ang mga manong (salitang paggalang sa mga nakatatandang lalaki) ay nagtrabaho bilang mga palipat-lipat na manggagawa sa mga sakahan sa West Coast, at kalaunan ay bumuo ng mga koalisyon kasama ang mga Chicano na manggagawang pang-agrikultura—isang akto ng pagkakaisa na nagbunga ng pagbuo ng mahahalagang unyon ng manggagawa. Pagkatapos magretiro, marami sa mga manong ang nanirahan sa kilalang International Hotel sa San Francisco, isang gusaling panirahan na may murang renta at mga kuwartong pang-isahang tao. Ang "I-Hotel" ay kalaunang naging lugar ng protesta laban sa pagpapalayas sa mga residente at sa pag-usbong ng gentrification sa San Francisco Bay Area. Ano ang ipinapahiwatig ng fedora at ng pintuan tungkol sa buhay ng mga manong?



**Sara Jimenez**
Ipinanganak: 1984; London, Canada

***inihihinga at binubuga tayo ng dagat*, 2026**
Seramika
Sa kagandahang-loob ng artist

Upang gawin ang nakakaengganyong seramikong eskultura sa pader na ito, kumuha ng inspirasyon si Sara Jimenez mula sa Pangunahing Tarangkahan ng Fort Santiago sa Intramuros, isang muog na distrito sa Maynila na tahanan ng mahusay na napreserbang arkitektura sa panahon ng pananakop ng Espanyol. Ang arkong tarangkahang ito ay naging dulo ng Kalakalang Galyon na Manila–Acapulco (1565–1815), isang rutang pandagat na nag-uugnay sa Pilipinas at Mexico. Matatagpuan ang Fort Santiago sa tabi ng Ilog Pasig, na ang itsura mula sa himpapawid ay makikita bilang negatibong espasyo sa seramikong arko ni Jimenez. Pinag-uugnay ng bunganga ng ilog ang lupa at dagat, at ang arko ay tila humihimok sa atin na isipin ang ating sarili sa isang hangganan na minsang nag-uugnay sa iba't ibang panig ng mundo.

# **Sherwin Rivera Tibayan**

Ipinanganak: 1982; Subic Bay, Pilipinas

## ***Walang Pamagat na Frame ng Collage #1* at *#2*, mula sa seryeng *Filipino American Navy*, 2025**

Archival pigment prints

Sa kagandahang-loob ng artist





**Enzo Camacho**
Ipinanganak: 1985; Maynila, Pilipinas

**Ami Lien**
Ipinanganak: 1987; Dallas, Texas

## *Panlipunang Bulkan (mga di-mapakaling alon),* 2024

Watercolor, beeswax, pulp ng abaka, bagasse (hibla ng tubo), tangkay ng saging, bao ng niyog, damong cogon, tanglad, mica, talbos ng pinya, dahon ng tubo, kangkong, kabibe, damong-dagat, at ubod ng gabi

Colby College Museum of Art, binili ng museo mula sa Jere Abbott Acquisitions Fund at ang Mellon Art Purchase Fund, 2025.025

Upang mabuo ang akdang ito, nagtipon sina Enzo Camacho at Ami Lien ng mga tirang pagkain, at isinama ang mga materyales na ito sa pulp ng papel. Ang bulkan na makikita rito ay ang Bundok Kanlaon ng Pilipinas, na ipinangalan sa isang diyosa ng paglikha, agrikultura, at katarungan bago ang kolonyalismo. Nilikhang termino ng mga sosyolohista ang "social volcano" upang tukuyin ang diktadura ni Ferdinand Marcos (1965–86), isang magulong panahon na kinilala sa batas militar, paglabag sa karapatang pantao, at laganap na korupsiyon. Ang pabagu-bagong sitwasyong ito ang nagbunsod sa mapayapang People Power Revolution, na nagpanumbalik ng demokrasya. Binabalikan nina Camacho at Lien ang kasaysayang ito ng protesta habang patuloy silang nakikipagtulungan sa mga magsasaka sa mga isyu ng katarungan sa lupa at seguridad sa pagkain.



# Maia Cruz Palileo

Ipinanganak: 1979; Chicago, Illinois

## *Ang Lumang Lamesa*, 2014

Langis sa canvas

Koleksyon ni Marissa Alperin



## Maia Cruz Palileo

Ipinanganak: 1979; Chicago, Illinois

## *Payapang Buhay nang may Banana Catsup,* 2014

Langis sa canvas na nakapatong sa panel

Sa kagandahang-loob ng artist at ng Monique Meloche Gallery, Chicago



## Bhen Alan

Ipinanganak: 1993; Tuguegarao City, Pilipinas

### *Madapaka*, 2022

Sako ng bigas na hinabi at canvas, pamaypay, dahon ng niyog, mga balahibo, natagpuang sinulid, pinaglumaang sinulid, mga tela, *palaspas* (mga dahon ng palmera), rattan, mga plastik na rosaryo, at industriyal na plastik na bakod sa stretcher bar

Sa kagandahang-loob ng artist

Gumagamit si Bhen Alan ng mga katutubong tradisyong malikhain upang itrasnporma ang banig—isang hinabing sapin na ginagamit sa pag-upo, pagpapahinga, at pagkain—at gawing isang eskulturang assemblage gamit ang mga pinaglumaang bagay. Ang mga hinabing sako ng bigas ay tumutukoy sa pangunahing pagkain sa bawat hapag ng mga Pilipino, samantalang ang mga plastik na rosaryo ay sumasagisag sa Katolisismong dinala ng mga Espanyol. Madalas na napapalitan ng mga native speaker ang mga tunog na *p* at *f* sa Ingles, na siyang opisyal na wika ng pamahalaan ng Pilipinas at isa ring wikang ginagamit sa diaspora. Bigkasin ang pamagat nang malakas upang mapansin ang larong salita nito sa Ingles.



## Camille Hoffman

Ipinanganak: 1987; Chicago, Illinois

***Tabi tabi po (may paggalang) paumanhin sa aming kilo,* 2026**

Watercolor, acrylic, vinyl na may tropical na tanawin, reproduksyon ng *The Forest Near Portland, Maine* ni Charles Codman, at mga larawan ng asin mula sa Pilipinas at Amerika

Mga larawang nalikha sa pakikipagtulungan kay Andre Taylor

Sa kagandahang-loob ng artist

"Sa pagkaunawa ko sa aking pagiging Amerikano, ang pakiramdam ko ay para akong mamamayan ng ginagawang eksperimento sa Turtle Island. Saan man ako pumunta, alam kong bisita ako, at nakikisama ako at inaalam ko kung ano ang kahulugan ng identidad sa bawat partikular na espasyo."

—Camille Hoffman

Ang nakakaengganyong pasilyong ito ay nag-uugnay sa *Ilang Kuwentong Amerikano,* ang pangmatagalang instalasyon ng koleksiyon ng sining Amerikano ng Colby Museum, at sa *Paglikha ng Kapuluan sa Isipan*. Pinamagatan ng artist ang akda gamit ang isang pariralang Tagalog na ginagamit mula pa noong panahon bago ang kolonyalismo, kung kailan nangingibabaw ang animismo bilang sistema ng paniniwala. Sinasabi ng mga Pilipino ang "tabi tabi po," na isinasalin bilang "makikiraan po" bilang pagpapakita ng paggalang sa mga hindi nakikitang espiritu kapag dumaraan sa kagubatan, o bilang paghingi ng pahintulot kapag pumapasok sa bagong lugar. Paano, sa praktikal o metaporikal na paraan, nauugnay ang site-specific na instalasyon ni Hoffman sa lupang kinalalagyan ng Colby Museum?

## Pacita Abad

Ipinanganak: 1946; Basco, Pilipinas

Pumanaw: 2004; Singapore

## *Barracuda*, 1996

Langis, makapal na canvas, at mga butones sa tinahi at makapal na canvas

Sa kagandahang-loob ng Pacita Abad Art Estate at Tina Kim Gallery



## Martha Atienza

Ipinanganak: 1981; Maynila, Pilipinas

### *Anito 1*, 2011–15

Video (kulay, tunog, 8:08 min.)

Sa kagandahang-loob ng artist at Silverlens, Maynila at New York

Ipinapakita ng video na ito ang Ati-Atihan Festival, isang taunang prusisyon ng mga miyembro ng komunidad sa Isla ng Bantayan sa gitnang bahagi ng Pilipinas. Ang *Ati-atihan* ay nangangahulugang "maging tulad ng mga Ati," na tumutukoy sa mga Katutubong naninirahan sa rehiyon na sumusunod sa animismo, o paniniwalang ang lahat ng bagay ay may espiritwal na ugnayan. Ginugunita na rin ngayon ng pista ang pagdating ng Katolisismong Espanyol, na makikita sa mga rebulto ng Santo Niño na itinataas ng mga dumadalo. Ibinababa ni Martha Atienza ang tono ng audio recording ng pista at pinatutugtog ito nang pabaliktad habang ipinapakita ang mga eksena.



## Judith Escalona

Ipinanganak: 1953; New York, New York

### *Paglikha ng Kapuluan sa Isipan: Pagtitipon ng Islands Project, Agosto 7–9, 2024, 2025*

Video (kulay, tunog, 20:07 min.)

Sa kagandahang-loob ng artist

